
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdresources.com for more | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | AUGUST 29 – SEPTEMBER 1, 2023 (WEEK 1) | Quarter: | 1ST QUARTER |



| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| *I. LAYUNIN* | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | naipamamalas ang mapanuring pag-unawa at kaalaman sa kasanayang pangheograpiya, ang mga teorya sa pinagmulan ng lahing Pilipino upang mapahahalagahan ang konteksto ng lipunan/ pamayanan ng mga sinaunang Pilipino at ang kanilang ambag sa pagbuo ng kasaysayan ng Pilipinas | | | | |
| B. Pamantayan sa Pagaganap | naipamamalas ang pagmamalaki sa nabuong kabihasnan ng mga sinaunang Pilipinogamit ang kaalaman sa kasanayang pangheograpikal at mahahalagang konteksto ng kasaysayan ng lipunan at bansa kabilang ang mga teorya ng pinagmulan at pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas at ng lahing Pilipino | | | | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | 1. Matutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo gamit ang mapa batay sa "absolute location" nito (longhitude at latitude) **AP5PLP-Ia-1**/Pahina 47 ng 120 | | Matutukoy ang relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas batay sa karatig bansa na nakapaligid dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon. **AP5PLP-Ia-1**/Pahina 47 ng 120 | | |
| *II. NILALAMAN* / *KAGAMITANG PANTURO* | ABSOLUTE NA LOKASYON GAMIT ANG MAPA<br>1.1 Prime meridian, International Date Line, Equator, North and South Poles, Tropics of Cancer and Capricorn at Arctic and Antarctic Circles<br>1.2 Likhang guhit | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | TG/WEEK 1 | | | | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | MISOSA Lessons<br>#2,3,6,8<br>(Grade IV) | | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | Makabayan: Kapaligirang Pilipino IV,pp. 9-17 | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | : mapa ng mundo, globo, laptop, projector | | | | |
| *III. PAMAMARAAN* | | | | | |
| A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | |  | Balik aral<br>Mga guhit sa globo | Balik aral<br>Mga katangian ng bawat guhit sa globo | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | | Ano ang ibig sabihin ng mapa?<br>Ano-ano ang makikita sa mapa?<br>Ano-ano kaya ang mga guhit na makikita sa mapa?<br>Bakit mahalagang malaman ang mga guhit na makikita sa mapa? | | <br>Saang bahagi ng mundo matatagpuan ang Pilipinas?<br>Ano-ano ang nakapaligid sa Pilipinas kung pagbabatayan ang mga pangunahing direksiyon?<br>Ano-ano ang pumapalibot sa Pilipinas kung pagbabatayan ang mga pangunahing direksiyon? | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | | Pagkilala ng mga guhit n makikita sa globo | (Ikalawang araw)<br>ANG GLOBO AT ANG MAPA<br>Kung titingnan ang globo at ang mapa, mapapansin na may mga guhit ito.Sadyang inilagay ang mga guhit na ito upang higit na maunawaan ang mundo na siyang kinakatawan nito.<br>Ang mga guhit na ito ay pawing mga kathang-isip lamang. Hindi makikita ang mga guhit na ito sa mundo.<br>MGA GUHIT LATITUD<br>May mga guhit na pahalang na makikita sag lobo at sa mapa. Ito ang tinatawag na guhit latitude. Ang guhit latitud ay tinatawag ding parallels. Ang mga guhit latitud ay mga guhit na pumapalibot nang pahalang sag globo. Mapupunang ang pinakamalaking bilog ay nasa gitna ng globo at lumiliit ang bilog habang papalayo sa gitna. Nasa | <br>Tingnan ang mapa ng Pilipinas. Kung tutukuyin ang lokasyon ng iba't ibang pulo at lalawigan ng Luzon, mapapansin na ito ay nagbabago. Ito ay sa dahilang nasa Luzon ang ginagamit na batayan ng paghanap. Ito ay ang lokasyong kaugnay ng kinalalagyan ng ibang lugar. Ito ang tinatawag na relative location. | MGA DIREKSYON<br>Sa pagturo ng lokasyon o kinalalagyan ng isang lugar o bansa, may mga panturong ginagamit. Direksyon ang tawag dito. May tinatawag na panginahin at pangalawang direksyon.<br><br>Pangunahing Direksyon<br>Ang Hilaga, Timog, Silangan at Kanluran ay ang mga pangunahing direksyon. Madaling matutukoy o |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Polong Hilaga at Polong Timog ang pinakamaliliit na bilog.<br>EKWADOR<br>Nakikita mo ba ang guhit na tila humahati sag globo? Ito ang Ekwador. Pabilog na guhit ito sa pinakagitnang bahagi ng globo. Hinahati nito ang globo sa dalawang hatingglobo. Ang Hilagang Hatingglobo at Hatingglobo.<br>Ang mga guhit latitud na nasa hilaga ng Ekwador ay tinatawag na hilagang latitud. Timog latitud naman ang guhit latitude na nasa timog ng Ekwador.<br>Ang latitud ay ang sukat ng layo ng isang lugar o pook mula sa Ekwador. Ang layong ito ay sinusukat sa digri (°). Digri ang ginagamit na panukat dahil pabilog ang globo.<br>PRIME MERIDIAN<br>Ang guhit na patayo na may bilang na zero digri (°) ay tinatawag na Prime Meridian. Ito ang nag-uugnay sa dalawang polo (Hilaga at Timog) at naglalagos sa Greenwich, England.<br>Sa Prime Meridian ay naghahati sag lobo sa Silangan at Kanlurang Hatingglobo. Ang nagsasaklaw sa gawing kanan ng Prime Meridian hanggang sa International Dateline ay ang Silangang Hatingglobo. Sa kabilang panig naman, sa kaliwa ng Prime Meridian hanggang sa International Date Line, ang Kanlurang Hatingglobo.<br>INTERNATIONAL DATE LINE<br>Matatgpuan ang International Date Line o IDL sa kabilang bahgi ng globo, katapat ng Prime Meridian. Tulad ng Prime Meridian, ito rin ay nag-uugnay sa dalawang polo. Ang International Date Line ay batayan | Ang Relatibong lokasyon ay isang paraan ng pagtukoy sa lokasyon ng Pilipinas, ito ay may dalawang paraan. Una ay ang Insular na pagtukoy ng lokasyon kung saan ginagamit ang kinaroroonan ng mga anyong tubig na nakapaligid dito. At ang ikalawa ay ang Bisinal na pagtukoy sa lokasyon kung saan ginagawang batayan ang mga bansang katabi nito.<br>Batayan din ng relative location ang mga lalawigang nasa paligid ng isang partikilar na lugar. Ang mga sumusunod na halimbawa ay isang paraan ng pagtukoy sa kinalalagyan ng isang lugar. Suriin ito sa tulong ng mapa.<br>1. Ang Batanes ay nasa dulong hilaga ng Luzon.<br>2. Ang Palawan ay nasa Timog-kanluran ng Luzon.<br>3. Ang Mindoro ay nasa Hilagang-silangan ng Palawan.<br>4. Visayas ang nasa hilaga ng Mindanao. | mapupuntahan ang isang lugar kung alam ang mga pangunahing direksyon. Mahalagang masabi kung ang lugar ay nasa Hilaga, Timog, Silangan o sa Kanluran.<br>May mga instrumenting ginagamit sa pagtukoy ng direksyon. Ito ang compass. Ang compass ay may magnet na laging nakaturo sa HIlaga. Kung gagamit ng mapa, makikita sa isang bahagi nito ang Compass Rose. Ang mga titik ng Compass Rose ay kumakatawan sa apat na pangunahing direksyon.<br>May mga pagkakataon naman na ang North Arrow ang makikita sa isang bahagi ng mapa. Lagi rin itong nakaturo sa hilaga upang maging batayan ng pagtunton sa lokasyon ng mga lugar.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | sa pagkakaiba ng araw o petsa sa magkabilang panig ng mundo.<br>Dapat tandaan na ang Ekwador, Prime Meridian, International Date Lineat iba pang mga guhit na nasa globo at mapa ay hindi mga tunay na guhit. Ang mga ito ay likhang-isip lamang. Inilagay ang mga ito upang maayos na magamit ang mapa at globo.<br>TROPIC of CANCER<br>Tropic of Cancer oTropiko ng kanser ang guhit sa 23 ½ °hilaga ng Ekwador. Ang guhit sa 23 ½ timog ng Ekwador ay tinatawag na Tropic of Capricorn o Tropiko ng Kaprikornyo. Ang nagsasaklaw sa pagitan ng dalawang espesyal na mga guhit na ito ay tinatawag na mababang latitud o rehiyong tropical.<br>Ang espesyal na guhit sa 66 ½ ° hilaga ng Ekwador ay tinatawag na Arctic Circle o Kabilugang Arktiko. Ang rehiyon sa pagitan ng Tropiko ng Kanser at Kabilugang Arktiko ay tinatawag na gitnang latitud o rehiyong katamtaman ang lamig sa hilaga.<br>Ang espesyal na guhit sa 66 ½ timog ng ekwador ay tinatawag na Antarctic Circle o Kabilugang Antarktiko at Tropiko ng Kaprikornyo ay ang gitnang latitud o rehiyong katamtaman ang lamig sa timog.<br>Ang pook na nasasakop mula sa Kabilugang Arktiko hanggang polong hilaga at mula sa Kabilugang Antarktiko hanggag timog polo ay tinatawag na rehiyong polar o mataas na latitud. Malamig ang klima rito. Ang paligid ay nababalot ng yelo sa buong taon.<br>Sagutin ang mga tanong: | | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | Talakayin ang mga sagot sa sa katanungan sa paglalahad | Sagutin ang mga tanong:<br>1.Anong guhit na patayo na nag-uugnay sa dalawang polo (hilaga at timog) at naglalagos sa Greenwich, England?<br>2.Anong guhit ang naghahati sa globo sa Silangan at Kanlurang Hatingglobo?<br>3.Anong guhit ang matatagpuan sa kabilang bahagi ng globo at katapat ng Prime meridian?<br>4.Ano ang pabilog na guhit sa pinakagitnang bahgi ng globo?<br>5.Ano ang tawag sa espesyal na guhit sa 66 ½ ° hilaga ng Ekwador.<br>6.Ano ang tawag sa espesyal na guhit sa 66 ½ timog ng Ekwador?<br>7.Ito ang pinakamalayong lugar sa hilaga ng ekwador.<br>8.Ito ang pinakamalayong lugar sa timog ng ekwador.<br>9.Ito ang tawag sa guhit sa 23 ½ ° hilaga ng ekwador.<br>10.Ito ang tawag sa guhit sa 23 ½ ° timog ng ekwador | <br><br>Batay sa relatibong lokasyon ang Pilipinas ay napapaligiran din ng mga bansa tulad ng Taiwan, China, at Japan na matatagpuan sa Hilaga; ang Micronesia at Marianas sa Silangan; Brunei at Indonesia sa Timog; at ang Vietnam, Laos, Camboadia, at Thailand sa Kanluran. Tunghayan natin ito sa mapa.<br>Ang mga katubigang nakapalibot sa Pilipinas ay ang Pacific Ocean (Silangan) , South China Sea (Hilaga at Kanluran), at Celebes Sea (Timog).<br>Kung pangunahing direksiyon ang pagbabatayan, ang Pilipinas ay napaliligiran ng mga sumusunod.<br>Pangunahing Direksiyon Anyong Lupa Anyong Tubig<br>Hilaga Taiwan Bashi Channel<br>Silangan Karagatang Pasipiko<br>Timog Indonesia Dagat Celebes at Dagat Sulu<br>KanluranVietnam Dagat Kanlurang Pilipinas o dating Timog China | <br><br>Ang compass Rose sa mapa<br>Pangalawang Direksyon<br>Sa pagitan ng mga pangunahing direksyon ay ang mga pangalawang direksyon. Kung natatandaan mo pa, ito ang hilagang-silangan, timog-silangan, hilagang-kanluran, at timog-kanluran. Kung pagbabatayan ang mga pangalawang direksyon, matutukoy rin ang kinalalagyan ng Pilipinas na napapaligiran ng Dagat ng Pilpinas sa hilagang-silangan, mga isla ng Palau sa timog-silangan, mga isla ng Paracel sa hilagang-kanluran, at Borneo sa timog-kanluran nito.<br>Sagutin ang mga tanong:<br>1. Ano ang ibig sabihin ng kaugnay na kinalalagyan?<br>2. Ano-ano ang pumapalibot na anyong lupa at anyong tubig sa Pilipinas kung | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | pagbabatayan ang mga pangunahing direksyon?<br>3. Ano-ano ang pumapalibot sa Pilipinas kung pagbabatayan ang mga pangalawang direksyon?<br>4. Saang bahagi ng Asya matatagpuan ang Pilipinas? | |
| **F. Paglinang sa Kabihasan (Tungo sa Formative Assessment)** | | Gawain A<br>Isulat ang pangalan ng espesyal na guhit na itinuturo ng palaso. Isulat sa papel ang sagot.<br><br>Gawain B<br>Gamitin ang iyong world map o globo at gawin ang mga sumusunod:<br>Magtala ng tig-lilimang bansang nabibilang sa mataas na latitude at mababang latitude.Isulat ang sago sa sagutang papel | Gawain C<br>a.Pag-aralan ang mapa. Anu-ano ang makikita sa paligid ng Pilipinas ayon sa mga pangunahing direksyon?<br>b.Mahalagang may sapat tayong kaalaman tungkol sa mga espesyal na guhit dahil may kinalaman o kaugnayan ito sa pagbabago ng klima at panahon.<br><br>Hanapin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>___________ 1. Ito ang guhit na nasa 23½° hilagang latitud.<br>___________ 2. Ito ang guhit na nasa 66½° timog latitud.<br>___________ 3. Tinagurian itong “The Great Circle”.<br>___________ 4. Guhit na nasa 23½° timog latitud.<br>___________ 5. Guhit na nasa 66½° hilagang latitude<br> | | Gawain A<br>1.Punan ang mga patlang mga pangunahin at pangalawang direksyon.<br>Mga Pangunahing Direksyon<br>Mga Pangalawang Direksyon<br><br>\\<br>b.Pag-aralan ang mapa. Ano-ano ang makikita sa paligid ng Pilipinas ayon sa mga pangunahing direksiyon? Sa mga pangalawang direksiyon? Kopyahin ang mga dayagram sa notbuk at isulat dito ang iyong mga sagot<br>.<br> | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| **G. Paglalaapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | | Hanapin sa mapa o globo kung saang latitud nabibilang ang mga sumusunod na bansa.<br>1. Indonesia<br>2. New Zealand<br>3. Germany<br>4. Pilipinas<br>5. United States of America | | | |
| **H. Paglalahat ng Arallin** | | | ☔ Ang mapa at globo ay mga representasyon ng mundo. Ito ay binubuo ng maraming bansa. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang ito.<br>☔ Higit na malaki ang bahagi ng tubig kaysa bahagi ng lupa sa mundo.<br>☔ Nagiging madali ang paghahanap sa mga lugar sa mundo sa tulong ng Ekwador, Prime Meridian, International Date Line at iba pang mga guhit sag lobo at mapa.<br>☔ Ang Ekwador ay pabilog na guhit na humahati sa mundo sa Hilaga at Timog Hatingglobo.<br>☔ Ang mga guhit latitude o parallel ay mga guhit na kaagapay ng ekwador.<br>☔ Ang guhit latitude o parallel ay nagmumula sa silangan patungo ng ekwador.<br>☔ Mga pabilog na guhit latitude. Lumiliit ang bilog habang papalayo sa ekwador.<br>☔ Ang layo o distansiya ng isang lugar mula sa ekwador pahilaga at patimog ay sinusukat sa digri (° lat.) | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | ☔Ang mga bilang ng guhit latitud ay 0° mula sa ekwador hanggang 90 °sa Polong Hilaga at Polong Timog.<br>☔Ginagamit ang H o T upang malaman kung ang lugar ay nasa hilaga o timog hatingglobo. | | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Basahing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang titik ng tamang sagot sa mga patlang.<br>1. Ito ay nakatutulong sa pagsasabi kung ang mga lugar sa mundo ay nasa hilaga o nasa timog.<br>A. Ekwador C. Prime Meridian<br>B. Arctic Circle D. Parallel<br><br>2. Ito ang batayan ng isang lugar kung ito ay huli o nauuna ng isang araw.<br>A. Prime Meridian C. International Date Line<br>B. Antarctic Circle D. Tropic of Cancer<br>3. Ayon sa mga guhit latitud, ang Pilipinas ay nasa _______________.<br>A. 4° H at 21°H latitud C. 6°H at 25°H latitud<br>B. 3°H at 12°H latitud D.14°H at 21°H latitud<br>4. Ang tiyak na kinalalagyan ng Pilipinas ayon sa mga guhit longhitud ay ___________.<br>A. 116°S at 125°S longhitud C. 127°S at 118°S longhitud<br>B. 118°S at 12°S longhitud D. 115°S at 126°S longhitud<br>5. Ito ay ang sukat ng layo ng isang lugar o pook mula sa Ekwador.<br>A. Ekwador C. Parallel<br>B. Latitud D. Prime Meridian | | | NATUTUHAN KO<br>Tukuyin ang nawawalang salita sa bawat patlang. Isulat ang sagot sa kwaderno.<br>1.Ang dalawang bahagi ng mundo ay ___________________ at _______________.<br>2.Ang pinakamalaking anyong tubig ay ang ____________________.<br>3.Ang modelo ng mundo ay _________________________.<br>4.Sa mga karagatan sa mundo, ang pinakamalaki ay ang _______________.<br>5.Ang malaking kalupaan sa mundo ay tinatawag na ______________.<br>6.Ang patag na bagay na ipinakikita ang kabuuan ng mundo ay ang _______________.<br>7.Ang sukat ng layo ng isang lugar mula sa Ekwador ay ang _______________.<br>8.Ang instrumentong ginagamit sa pagtukoy ng direksyon ay ang _______________.<br>9.Ang Pilipinas ay binubuo ng ____________ na mga pulo.<br>10.Ang _________ang tumutukoy sa direksyon o lokasyon ng isang lugar batay sa kinalalagyan ng mga katabi o kalapit nitong lugar. | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation** | | | | | |
| **IV. Mga Tala** | | | | | |
| **V. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |